



*Editoryal*


## Sino ang tunay na terorista?

**G**aano pa man nito baluktutin ang katotohanan na at ipagpilitang tawaging "terorista" ang rebolusyonaryong kilusan sa Pilipinas, nagdudumilat ang katotohanan na mismong ang rehimeng Arroyo at ang mga pasistang tropa nito ang pinakamalalaking terorista sa Pilipinas, at ang amo nitong gubernong Bush ang numero unong terorista sa buong mundo.

Nito lamang huling linggo ng Setyembre, di baba sa 1,400 pamilya ang sapilitang napalikas mula sa

iba't ibang baryo ng San Luis, Aurora dahil sa walang pakundangang pambombombang AFP. Pinalalabas ng AFP na may tinutugis silang "natitirang mga gerilya" mula sa isang nakasagupa at malubhang napinsalaang platun ng BHB sa lugar. Malinaw na walang ibang pakay ang operasyong militar kundi sindakin ang mga sibilyan sa lugar dahil wala ni isang sagupaang naganap sa pagitan ng militar at BHB.

Sa Central Luzon, 19 na progresibong lider at mga aktibista na ang pinapaslang ng mga armadong pwer-



**Mga tampok sa  
isyung ito...**

**Lalong pagkaligalig at  
paniniil ng rehimeng  
Arroyo** PAHINA 3

**Paglaban kay Palparan  
ng masa sa Eastern  
Visayas** PAHINA 5

**Ang pahirap na  
Expanded Value-Added  
Tax** PAHINA 11

sa ng estado mula Setyembre hanggang Oktubre. Kung ibibilang ang mga biktima mula nang maupo ang rehimeng Arroyo noong 2001, di bababa sa 400 aktibista na ang pinagpapatay nito, at di hamak na mas marami pa ang iligal na inares-to, tinortyur, sapilitang pinalikas at dumanas ng iba pang paglapas-tangan sa karapatang-tao. Ang mga biktima ay pawang mga di armadong sibilyan.

Sa mga komunidad ng mga Moro, daanlibong mamamayan ang sapilitang napalilikas dahil sa walang habas na pambomboma, panganganyon, pananalbeyds, pagdu-kot, iligal na panghahalughog at iba pang pagyurak sa karapatang-tao sa gitna ng mga operasyong pagtugis ng AFP sa mga pwersa ng MNLF, bandidong Abu Sayyaf at iba pang "grupong terorista." Ilan sa mga "anti-teroristang" operasyong ito ay nilahukan ng mga Amerikano nong "tagapayo." Mga sibilyan ang aktwal na mga biktima ng kanilang pananalanta.

Sa Iraq at Afghanistan, daan-daanlibo na ang biktima ng pambomboma, istraping, walang pakunda-ngang pamamaril, iligal na pagku-kulong, tortyur, malawakang gutom

at kawalan ng mga batayang serbisyo sa marahas na pananakop ng US sa mga bansang ito. Muli, ang mga biktima ay mga walang kala-ban-labang sibilyan.

Sa kabilang banda, malayong-malayo ang ipinakikitang mataas na paggalang ng mga rebolusyonaryong armadong pwersa sa kara-patang-tao at mga batas ng digma. Batid ng nakararaming mamamayan sa mga lugar na kinikilusan ng mga rebolusyonaryong pwersa na sa pagsusulong ng armadong pakiki-baka, kabilang sa pangunahing tinitiyak ng mga mandirigma ng BHB ang interes at kagalingan ng mamamayan.

Itinutuon lamang ng BHB ang mga armas nito laban sa mga tiyak at lehitimong target militar. Lubos na umaayon din sa mga pandaigdigang makataong batas at sa mga sibilisadong alituntunin ng digma ang mga patakaran ng BHB hinggil sa paggalang at pagprotekta sa mga sibilyan at mga kaaway na tropang wala na sa katayuang luma-ban.

Alinsunod rito, sa pamamagitan ng NDFP ay sumang-ayon ang PKP at BHB sa Geneva Conventions at Protocols of War.

Ang lahat ng mga ito ay naka-paloob sa mga probisyon ng Comprehensive Agreement on Respect for Human Rights and International Humanitarian Law (CARHRIHL) na pinirmahan kapwa ng NDFP at ng Gubyerno ng Republika ng Pilipinas (GRP) noong 1998. Pinalalaganap at tinatalakay ito sa lahat ng yunit at pwersa ng PKP, BHB at NDFP at masang pinamumunuan ng mga ito, at mahigpit nila itong sinusu-nod.

Subalit hanggang ngayon, ang BHB lamang ang tumatalima sa CARHRIHL at mga pandaigdigang batas ng digma. Puspusang nagsusumikap ang BHB na walang mada-may na sibilyan sa mga taktikal na opensiba nito. Sadyang umiiwas ang BHB na mag-opensiba sa mga lugar kung saan malaki ang pang-aibig na may madadamay na mga sibilyan, produksyon at mahahalang kasangkapan ng mamamayan. Buong pagpapakumbaba itong humihingi ng patawad at nag-aalok ng kumpensasyon sakaling mayroong mga di sinasadyang madamay na sibilyan. Tinitiyak ng BHB na ang lahat ng mga pwersa nito ay naggagawad ng makataong pagtrato sa mga sundalong nabibihag nito sa labanan.

Sa kabilang banda, parang mga asong ulol na binabalingan ng AFP ang mga sibilyan kapag dumaranas ng pagkatalo sa kamay ng BHB. Sadyang humihimpil ang AFP sa mga eskwelahan, *barangay hall*, kapilya at iba pang tipunan ng mga sibilyan upang mas mahigpit na makontrol ang galaw ng taumbaryo, higit na maabuso sila at magamit silang pananggalang sa mga labanan. Di na mabilang ang mga kaso ng pagtortyur at pagpatay ng mga berdugo ng estado sa nabibihag nilang mga Pulang mandirigmang sugatan at wala nang kaka-yahang lumaban.

Sino ngayon ang tunay na terorista?

AB

# ANG Bayan

Taon XXXVI Blg. 21 Nobyembre 7, 2005

Ang *Ang Bayan* ay inilalabas sa wikang Pilipino, Bisaya, Iloko, Hiligaynon, Waray at Ingles.

Maaari itong *i-download* mula sa Philippine Revolution Web Central na matatagpuan sa:

[www.philippinerevolution.org](http://www.philippinerevolution.org)

Tumatanggap ang *Ang Bayan* ng mga kontribusyon sa anyo ng mga artikulo at balita. Hinihikayat din ang mga mambabasa na magpaabot ng mga puna at rekomendasyon sa ikau-unlad ng ating pahayagan. Maaabot kami sa pamamagitan ng *email* sa: [angbayan@yahoo.com](mailto:angbayan@yahoo.com)

## Nilalaman

<b>Editoryal</b>	<b>1</b>
Di terorista ang PKP/BHB—UNDP	3
Lalong pagkaligalig at lumalalang paniniil ng rehimeng Arroyo	3
<b>Pananalanta ng pasistang estado</b>	
Paglaban kay Palparan ng masa sa Eastern Visayas	5
Karahasan at panlilinlang sa Central Luzon	7
Si Palparan noon	8
Kampanyang saywar sa Aurora	9
Panagutin ang imperyalismong US!	10
Expanded Value-Added Tax	11
<b>Mga opensiba ng BHB</b>	12
<b>Balita</b>	13

Ang *Ang Bayan* ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas

## Di terorista ang PKP/BHB-UNDP

**M**aging ang United Nations Development Program (UNDP), isang ahensya ng United Nations, ay hindi na napasasakay ng rehimeng Arroyo at gubyernong US sa ipinagpipilitan nitong pagbabansag sa Partido Komunista ng Pilipinas (PKP) at Bagong Hukbong Bayan (BHB) bilang terorista.

Ayon sa inilabas nitong 2005 Philippine Human Development Report (PHDR), kung obhetibong suriin ang rekord ng PKP-BHB sa armadong pakikibaka at ang mga patakaran at pangkalahatang praktika nito, makikita na hindi totoong nagsasagawa ito ng terorismo. Ayon sa report, hindi sadyang tumatarget ng mga sibilyan ang PKP-BHB.

Ang 2005 PHDR ay inihanda sa pakikipagtulungan sa Human Development Network (HDN) at New Zealand Agency for International Development


(NZAID).

Binatikos din ng 2005 PHDR ang "militaristang patakaran" ng rehimeng Arroyo na pangunahing hadlang sa pagsusulong ng usapang pangkapayapaan. Anito, "Mas binibigyang-diin nito ang aksyong militar sa halip na negosasyong pangkapayapaan sa pakikitungo nito sa PKP-BHB na mas itinuturing nitong terorista kaysa komunista. Mas pinipili nitong magsunud-sunuran sa US at kunin ang suporta nito sa todo-gera laban sa mga rebolusyonaryong pwersa."

Tulad ng inaasahan ay binalewala lamang kapwa ng nagmamalinis na gubyerno ng US at ng tutu nitong rehimeng Arroyo ang ulat ng UNDP. Ipinahayag nila na wala silang intensyong bawiin ang pagpapabilang sa PKP at BHB sa talaan ng mga "terorista." **AB**

## Lalong pagkaliglig at lumalalang paniniil ng rehimeng Arroyo

**H**igit na nagiging desperado si Arroyo sa harap ng tuluy-tuloy na paglaganap ng panawang patalsikin siya sa pwes-to. Sa kabilang ng mga pasistang hakbangin ng rehimeng Arroyo, patuloy na iginigiit ang mga kilos protesta at lumalawak ang mga alyansang anti-Arroyo. Dagdag dito, lumalakas ang mga ugong-ugong tungkol umano sa nilulutong kudeta ng mga herenal at signipikanteng seksyon ng sandatahang lakas. Sa harap ng mga ito, lalong pinag-iiba- yo ni Arroyo ang panunupil sa mamamayan, lalo na laban sa mga progresibong pwersang nakikita niyang pinakaimpluwensyal ngayon sa kilusang talsik.



ang kampanya ng pamamaslang sa mga lider at kasapi ng mga progresibong organisasyon. Sa Central Luzon pa lamang, 19 na mga lider at aktibista ang pinaslang na ng mga armadong tauhan ng rehimeng Arroyo. Kabilang sila sa mahigit 400 nang mga progresibong lider, aktibista at mga personalidad na pinaslang mula 2001. Wala ring tigil ang kalupitan at terorismo na isinasagawa ng mga pasistang pwersa ng rehimeng Arroyo sa kanayunan at mga komunidad ng mga manggagawa at malalita ng lunsod.

Ibayo ring pinatitindi sa iba't ibang pamamaraan ang panunupil sa mga protesta at aksyong masa laluna sa paligid ng Malakanyang. Kabilang sa mga mapanupil na hakbanging ito ang patakaran "calibra-

*ted preemptive response*" na gina- mit na katwiran sa marahas na pagbubuwag sa mga demonstrasyon sa Mendiola. Idinagdag pa ngayon ni Arroyo ang pagbabawal ng mga rali sa paligid ng Malakanyang. Maging ang pagtitipon sa loob ng mga simbahan sa paligid ng Malakanyang ay pinaghahigpit na rin ni Arroyo.

Mistulang garison na ang Malakanyang. Tanda ng lubhang pagkatakot ni Arroyo, pinalibutan ang palasyo ng mga alambreng tinik at *container van*. Pinaliligiran din ito ng mga pwersa ng Presidential Security Battalion na may malalakas na armas at di kukulangin sa anim na *armored personnel carrier* at iba't iba pang mga sasakyang militar.

Wala ring lubay ang rehimeng Arroyo sa pagbabanta at panggigipit sa masmidya. Bukod sa bantang pag-aresto sa mga kritikal na broadkaster at komentarista alinsunod sa isang naisiwalat na planong pagdeklara ng "state of emergency,"



ang mga reporter na nagkokober ng Malakanyang ay tahasang "bina-bantayan" ng Presidential Security Group (PSG) habang narooron sila.

Walang ligtas ang masmidya sa maruruming atake ni Arroyo. Nitong Nobyembre, inakusahan ni Arroyo na sangkot si Julius Babao, isang kilalang brodkaster ng ABS-CBN, sa pagpapalaya kay Dawud Santos, isa diumanong "terorista". Subalit sa halip na matinag sa di tuwirang pananakot ni Arroyo, lalo pang naging matatag ang masmidya sa pagtatanggol ng kanilang kapatan. Ang akusasyon ni Arroyo ay mahigpit na pinabulaanan ni Babao at mariing kinundena ng ABS-CBN, ng mga samahan ng taong-midya, ng mga pulitiko at iba't iba pang sektor ng mamamayan. Sa kabilang pahayag ng Intelligence Service of the Armed Forces of the Philippines (ISAFP) na walang solidong ebidensya laban kay Babao, tumatanggi pa ring humingi na paumanhin ang Malakanyang kay Babao at sa ABS-CBN.

**Paglalantad ng mga kabulukan ng rehimeng Arroyo.** Sa pagtutulungan ng mga progresibong organisasyong masa, iba't ibang institusyon ng simbahan, mga samahan ng mga abugado, mga tagapagtugyod ng karapatang-tao, mga kongresman at iba pang respetadong personaje, itinayo nitong Oktubre 25 ang Citizen's Congress for Truth and Accountability (CCTA). Hinirang na mamuno rito si dating Bise Presidente Teofisto Guingona. Mag-sisimula sa Nobyembre 8 ang mga pampublikong pagdinig nito kaugnay ng mga reklamo laban kay Arroyo tungkol sa pandaraya sa naka-raang eleksyon, korapsyon at mga paglabag sa karapatang-tao.

Kabilang sa mga tatayong humok ng CCTA ay sina Prof. Victoria Avena ng UP Law Center; Sharon Rose Joy Ruiz Duremdes, *secretary-general* ng National Council of Churches of the Philippines; Bishop

Alberto Ramento, *co-chairman* ng Ecumenical Bishops Forum; Bishop Dan Balais ng Jesus Is Lord Movement; Menchie Caragdag ng Peace for Life; at dating upisyal ng Presidential Commission on Human Rights na si Nasser Marahomsalic. Pangungunahan naman ni United Nations *ad litem judge* Romeo Capulong, Atty. Neri Colmenares ng Counsels for the Defense of Liberties at Atty. Glenda Litong ng Alternative Law Group ang isang lupon na siyang maghahapag ng mga ebidensya laban kay Arroyo.

Mataas ang ekspektasyon ng mamamayan na maisisiwalat sa mga pagdinig ng CCTA ang mga katoohanang pinigilan ni Arroyo na mabunyag sa prosesong *impeachment* na pinatay ng rehimeng Arroyo sa pamagitan ng bayarang mga kalyado nito sa Kongreso. Bagama't pilit itong minamaliit ni Arroyo, nangangamba ang Malakanyang na ang mga mabubunyag na impormasyon sa CCTA ay mag-uudyok ng mas malakas at determinado pang pagkilos ng mamamayan

Samantala, patuloy ang imbestigasyon sa Senado ukol sa iba't iba pang kaso ng pandarambong at katiwalian ng rehimeng Arroyo. Sa partikular, iniiimbestigahan ang paggamit ni Arroyo ng pondong nakalaan sa programang Ginintuang Masaganang Ani (tinatawag na "Fertilizer Fund") sa kanyang kampanyang panghalalan noong 2004. Ayon sa testimonya ni dating Sec. Emilia Boncodin ng Department of Budget and Management, mabilisan at buu-buong inilabas ng gubernong Arroyo ang Fertilizer Fund tatlong buwan bago ang eleksyon ng 2004. Tumanggap ng malalaking alokasyon mula sa pondong ito ang mga kongresman at punong-bayan na kaalyado ni Arroyo at ang mga pekeng *non-governmental organization* na itinayo ni National Security Adviser Norberto Gonzales. Isiniwalat naman ng mga organisa-

---

**Sa kabilang pasistang hakbangin ng rehimeng Arroyo, patuloy na inigisiit ang mga kilos protesta at lumalawak ang mga alyansang anti-Arroyo.**

---

syong magsasaka na wala silang natatanggap na anumang abono o pondo mula sa Fertilizer Fund.

Kinabukasan ng paglalahad ni Boncodin mula sa kinararatayan niyang ospital, biglang nasunog ang tanggapan ng DBM. Pangunahing nasira ang mga pinakasusing kompyuter ng DBM na pinaglalagakan ng mahahalagang dokumento nito.

**Lumalalang bitak sa naghaharing pakson.** Lalong lumalaki ang bitak sa hanay ng naghaharing pakson. Hayagan nang nagtutunggalian ang ilang mga alyado ni Arroyo sa usapin ng pagputol ng kanyang termino bilang presidente. Inigisiit ng dalawang pangunahing kaalyado niya sa Lakas-UMDP (United Muslim Democratic Party) na sina Speaker Jose de Venecia at dating presidente Fidel Ramos, na putulin ni Arroyo ang kanyang termino sa 2007 alinsunod sa planong pagbabago mula sa sistemang presidensyal tungong parlamentaryo. Tinututulan naman ng Senado, ng mga progresibong pwersa at malawak na hanay ng mamamayan ang pagbabago sa konstitusyon.

Paulit-ulit na tinutulan ni Arroyo ang mga mungkahing bumaba na siya sa pwesto sa 2007. Bilang konsesyon umano, nagpahayag siya ng kahandaang magpatawag ng eleksyon pamparlamento sa balangkas ng bagong konstitusyon sa taong 2007. Pero kasabay ng ga-yong pahayag, inigisiit ng Malakanyang na mananatiling presidente si Arroyo hanggang 2010 kahit pa mayroon nang *prime minister*. Upang pasunurin si de Venecia sa



# Organisadong lakas ng masa, naglantad at nagpatsik kay Palparan sa Eastern Visayas

kanyang kagustuhan, binabanta-an siya ni Arroyo na maaari niyang ipalit dito bilang pinuno ng Kongreso si Surigao del Sur Rep. Prospero Pichay, isang matapat at masugid na alyado ni Arroyo.

Samantala, laganap ang balita na naghahanda si Ramos ng isang kudeta kung saan mananatiling presidente si Arroyo pero aagawan ni Ramos ng tunay na kapangyarihan. Isiniwalat din ng embahada ng US na kahit bago pa man pumutok ang iskandalo ng "Gloriagate" tapes, may nalalaman na silang ganitong plano ni Ramos at ng mga susing tauhan niya. Si Sen. Miriam Santiago ang kinasangkapan ng Malakanyang para isiwat ang pagpaplano umano ni Ramos ng kudeta ngayong Disyembre.

Umangal na si Ramos sa mga balitang minamanmanan siya ng militar sa utos ng Malakanyang. Sa pangambang hayagang sumambulat ang tunggalian nito kay Ramos, panay ang tanggi ng Malakanyang na may binabalak na kudeta si Ramos at pilit na pinatalabas na nananatili siyang mahigpit na kaalyado ni Arroyo. Sa kabilang panig, walang tahanang pagtanggi si Ramos sa mga balitang kudeta, at katunaya'y wala siyang tigil sa "pangangaral" kay Arroyo. Ang malalapit na tauhan ni Ramos ang umaaming may bitak na sa pagitan nina Ramos at Arroyo.

Bukod sa pangkat ni Ramos, pinagsususpectsahan na rin ng Malakanyang na nagbabalak ng kudeta sina Gregorio Honasan at mga kagrupo niya sa Philippine Guardians Brotherhood Incorporated (PGBI). Tinatanggihan ito ng PGBI.

Lalo pang di makatulog si Arroyo sa napapabalitang mismong mga tauhan ng PSG ay kamsa o hinikayat na sumama sa planong kudeta.

AB

**I**nilantad at pinatalsik noong Setyembre 2005 ng nagkakaisang lakas ng organisadong masa at ng malawak na alyansa ng iba't ibang sektor ng mamamayan sa Eastern Visayas (EV) si Brig. Gen. Jovito Palparan Jr., paboritong pasistang berdugo ni Gloria Arroyo.

Sa pag-alis niya sa EV, nag-iwan siya ng madugong rekord ng pasistang pandarahas sa maraming lugar sa Eastern Visayas. Nakapagtala ang Katungod-Sinirangang Bisayas (Katungod-SB) ng 199 na kaso ng iba't ibang paglabag sa karapatang-tao sa rehiyon sa loob lamang ng 86 na araw mula nang mamuno si Palparan sa 8th ID noong Pebrero 10. Kinabibilangan ito ng 22 kaso ng pagsalbeyds (katumbas ng lima bawat buwan) at 20 kaso ng pagdukot. Mayroon ding 36 na biktima ng istraping, pambomboma

at walang habas na pagpapaputok, 13 biktima ng tortyur, 16 na biktima ng pambubugbog at arbitraryong pang-aaresto at 17 biktima ng arbitraryong pagkakakulong. Sa panahong iyon ay umabot sa 979 ang biktima ng sapilitang pagpaplikas sa 21 komunidad sa mga bayan ng Calbiga, Tarangan, Moticon, Jiabong, Catbalogan at Paranas, lahat sa prubinsya ng Samar.

Sa loob pa lamang ng unang tatlong buwangs panunungkulan ni Palparan, di hamak nang mas malaiki ang kabuuang bilang ng mga naitalang paglabag sa karapatang-tao kumpara sa 94 na kasong naitala sa buong 2004.

Pagsapit ng Agosto, umabot na sa mahigit 450 ang kaso ang paglabag sa karapatang-tao sa rehiyon.

Ang tindi ng pasistang paninibasib sa rehiyon ang nagbunsod sa malawak na hanay ng mamamayan sa Eastern Visayas na kumilos para ilantad ang dasal ng militarisasyon dito at patalsikin ang tauhan ni Arroyong pasimuno nito.

Isa sa pinakatampok na mga pakikibakang masang nailunsad sa EV kaugnay ng kampanya laban kay Palparan ang matagumpay na martsa-rali noong Agosto 18 sa Ba-





rangay Cancaiayas, Basey, Samar. Di kukulangin sa 500 ang dumalong mga magsasaka mula sa iba't ibang baryong nasalanta ng matinding militarisasyon. Dinaluhan din ang nasabing martsa-rali ng mahigit 100 delegado ng International Solidarity Movement (ISM).

Pinuntahan ng ilang delegado ng ISM ang mga lugar kung saan sinunog ng militar ang mga kubo ng mga magsasaka. Kitang-kita ng mga delegado ang mga sundalong palabuylaboy sa kalsada ng Cancaiayas na di nakauniporme at nakahimpil na sa mismong *barangay hall*—isang malinaw na paglabag sa Comprehensive Agreement on Respect for Human Rights and International Humanitarian Law (CARHRIHL).

Ilang linggo bago ito mangyari, mahigit 2,000 ring mga magsasaka mula sa mahigit sampung baryo ang nagkampo sa munisipyo ng Basey para kundenahin at tutulan ang matinding militarisasyon, arbitratyong pagpapaputok, paninira ng kanilang mga tanim at iba pang pananalanta ng militar. Mas marami pa sana ang nakadalo kung hindi sila naharang ng nag-oopersyong mga tropa.

Nakipagdayalogo ang mga rali-



yista sa mga upisyal ng 46th IB at iginiit nila ang pagpapatalsik sa abusadong yunit. Sa lakas ng presyur ng mamamayan, napilitan ang militar na iatras ang ilan nilang tauhan sa malalaking baryo. Sa tindi rin ng kanilang galit, isang sundalong nagpanggap na sibilyan at nagpumilit na pumasok sa kinarooroonan ng mga nagrarilyo ang sinuntok at tinadyakan at kung di naawat ang mga magsasaka ay malamang na napatay ito.

Samantala, sa isang baryo ng Paranas, Samar, nagtipun-tipon ang taumbaryo noong Hulyo para kundenahin ang matinding pangaabuso ng militar sa mga baryo ng Calbiga, Pinabacdao, Sta. Rita, Villareal, Basey, Motiong, Paranas, Jibabong, Catbalogan, San Jose de Buan, San Jorge, Gandara, Tarangnan, Calbayog, Matuguinao at Pag-sangjan. Dinaluhan din ng mga delegado ng ISM ang pagtitipon, subalit hindi nila nakuha ang testimonya ng iba pang mga magsasakang hinatang ng militar at binantaang papuputukan kapag hindi umuwi. Gayunman, sapat ang testimonya ng mga naroon at ang mismong nasaksihan ng mga delegado para kundenahin nila ang mga lantarang paglabag sa karapatang-tao at magpahayag ng pagtataka kung bakit ang isang tulad ni Palparan ay patuloy na pinatataas ang rango at ginagantimpalaan ni Arroyo.

Naging matagumpay ang malawakang pagkilos ng mamamayan dahil sa taglay nilang kahandaan at militansa na ipaglaban ang kanilang kabuhayan at karapatan. Hindi sila naloko sa anumang pagkukunwari ng mga operasyon ng mga Reengineered Special Operations Team ng AFP na ipinadala sa lugar kasabay ng mga pamamaslang. Batid rin nila ang madugong rekord ni Palparan bago pa man siya inilipat sa EV. Tinalakay nila sa

kanilang mga organisasyon ang pambansang kalagayan at pinaghandaan ang matitinding pagsalakay ng militar.

Bunga ng matitinding paglabag sa karapatang-tao at masiglang kampanyang masa at propaganda laban dito, nahikayat na makipag-kaisa sa nakikibakang mamamayan ang iba pang panggitnang pwersa tulad ng mga taong-simbahana, mga lokal na upisyal ng gubyerno, mga taong-midya, mga kongresman at iba pa. Sa Kongreso noong Mayo, sa kabilang mga pananakot din sa kanila, hindi tinantanan ng mga kongresman mula sa iba't ibang distrito ng EV si Palparan at iba pang mga tauhan ng militar at pulisya sa rehiyon nang magdaos ng imbestigasyon hinggil sa karahasan ng militar sa rehiyon. Matapos marinig ang salaysay ng mga testigo, iginiit ng mga kongresman mula sa EV ang pagpapatalsik kay Palparan mula sa rehiyon at idiniin na tututulan nila ang anumang promosyon para kay Palparan. Kinundenan rin ng mga pastor ng United Church of Christ in the Philippines (UCCP) ang serye ng mga pamamaslang, laluna ang pagpatay sa mga taong-simbahang aktibo sa mga progresibong organisasyon. Isa sa mga biktima ang tserman ng Katungod-Sinirangang Bisayas na si Rev. Edison Lapuz, na pinaslang noong Mayo 12.

Matapos ang kanilang mga pagkilos, masusing pinag-aralan ng mamamayan ang kanilang mga karanasan at nakahalaw sila ng mahalagang aral. Lalong lumawak ang kanilang pag-unawa sa pasistang katangian ng rehimeng Arroyo at muli nilang napatunayan ang kawastuan ng pakikibaka para sa pagbabago sa lipunan.

Pinatutunayan ng karanasan ng mamamayan sa EV na mabisang sandata laban sa pasistang panda-



rahas ang komprehensibo at sistematikong paglalantad sa bawat kaso ng paglabag sa karapatang-tao, at ang organisadong pagkilos para igiit ang pagpapati-gil sa militarisasyon at pagpapalayas sa mga abusadong yunit at upisyal.

Gayunpaman, hindi pa tapos ang pakikibaka ng mamamayan laban sa pasistang tambalang Arroyo-Palparan. Inalis man ni Arroyo si Palparan sa EV, ini-lipat naman niya ito sa Central Luzon. Hindi lamang walang patid ang kanyang pamamaslang dito, mas bumwelo pa at higit na nanalasa ang kanyang pamamasista. Gayundin, patuloy ang pananalasa ng militarisasyon at pangkalahatang terorismo ng estado sa EV matapos ilipat si Palparan. Katunayan, nangako pa ang pumalit kay Palparan na ipagpapaloy niya ang iniwang plano ng pamamasista at lulusin niya ang programang inilatag ni Palparan at ng rehimeng Arroyo para sa EV.

Hindi rin natinag ang kayabangan ni Palparan. Buo ang kanyang pag-asa na oras na humina ang mga sigaw ng kanyang mga biniktima para sa hustisya, tataas ang kanyang ranggo sa reaksyong militar at tatamasain niya ang mga pribilehiyong kapalit ng kanyang kasigasigan at katapatan sa rehimeng Arroyo.

Higit kailanman, kailangang pag-ibayuhin ng lahat ng lumalabang mamamayan at ng rebolusyonaryong kilusan, kasama ang lahat ng mga biktima, ang paglalantad sa mga kahindik-hindik na krimen ng tambalang Arroyo-Palparan. Kailangang paabutin sa pambansang antas at higit pang palakasin ang masigla at militanteng kilusang masa laban sa tambalang Arroyo-Palparan na nabuo na ST, EV at ngayon sa Central Luzon. Marapat lamang na papanagutin si Palparan, kasama ang kanyang mga amo sa kanilang pamamasista sa buong bansa. Kailangan ding itaas ang antas ng paghahanda at pagkilos ng mamamayan laban sa mas matitindi pang atake ng pasistang tambalang ito at pag-ibayuhin ang pagsisikap upang magawaran sila ng karampatang parusa at makamit ang hustisya para sa mga biktima.

Habang pinananatili ang mga katulad ni Palparan sa unahan ng makinarya ng rehimen para sa pasistang pandarahas, dadaloy at dadaloy ang dugo ng walang kalaban-labang mamamayan. Kailangan ang rebolusyonaryong pamamarusa sa naghaharing rehimen at mga pasistang instrumento nito at ang pagpapatupad ng rebolusyonaryong hustisya. Sa gayon matutugunan ang mga hiyaw para sa hustisya ng mga biktima ng pasistang karahasan sa iba't ibang lugar sa bansa.

AB

## Karahasan at panlilinlang sa Central Luzon

*Nakapanayam kamakailan ng AB si Jose Agtalon, tagapagsalita ng BHB-Central Luzon kaugnay ng pinakahulang kampanyang saywar ng AFP sa rehiyon, tumitinding militarisasyon laluna sa Aurora at Bataan at ang pinakahulang serye ng brutal at walang pakundang pamamaslang ng mga progresibong lider at sibilyan laluna mula nang maitalaga sa rehiyon ang berdugong si Jovito Palparan.*

**D**ati nang matindi at brutal ang militarisasyon at pamamaslang sa Central Luzon. Makaraan ang serye ng pamamaslang ng mga progresibong lider at sibilyan sa Southern Tagalog na simulan noong 2001, naglunsad ang pasistang rehimeng Arroyo ng pangalawang serye ng mga pamamaslang na sinimulan sa pagsalakay nito sa hanay ng mga manggagawa at manggagawang bukid na nagwewelga sa Hacienda Luisita noong nakaraang taon. Sinundan ito ng sunud-sunod na pamamaslang ng iba pang lider, kasapi at kapanalig ng mga nakikibakang masa at mga progresibong organisasyon sa Tarlac, Nueva Ecija, Pampanga at marami pang lugar sa Central Luzon. Sa kasalukuyan, walang puknat ang militarisasyon at pananalakay ng mga

**HUSTISYA PARA SA  
MGA BIKTIMA NG  
PAGLABAG SA  
KARAPATAN NG-  
TAO !**



pwersa ng AFP at PNP sa mamamayan sa rehiyon. Si-nasabayang ito ng kampanya ng paninira at pagsisinungaling ng mga upisyal ng Northern Luzon Command (Nolcom) na nakabase sa Tarlac.

Labin siya m nang lider at mga kasapi ng mga progresibong organisasyon ang pinaslang ng berdugong AFP sa Central Luzon mula nang maitalaga si Palparan dito nitong Setyembre 2.



Kasabay nito ang walang puknat na militarisasyon at kakambal na pamamaslang, pagdukot, pagtortyur at sapilitang pagpapalikas ng mga ordinaryong sibilyan.

Isa sa pinakahuli sa mahaba at madugong listahan ng karahasan ng estado at pasistang pwersa ng mga naghaharing uri sa rehiyon ang pagpaslang kay Ricardo Ramos, pangulo ng Central Azucarera de Tarlac Labor Union (CATLU) noong Oktubre 25 sa Barangay Mapalacsiao, Tarlac City. Nagdiriwang noon si Ramos, kasama ang iba pang kasispi ng unyon, sa kanyang bahay dahil kalalabas lamang ng paborab-leng desisyon ng Department of Labor and Employment na nag-uutos sa pamilyang Cojuangco na ibigay na sa mga manggagawa ang kani-lang *back pay* (naipagkait na sahod

sa nakaraan) para sa lahat ng mga araw na nakawelga sila.

Noong sumunod na araw, pinaslang si Francisco Rivera, lokal na pangulo ng Bayan-Angeles City sa Barangay Pulong Bulo sa naturang syudad. Napatay din ang dala-wa niyang kasamang sina Dr. Angel David at Von John Maniti. Ayon sa mga saksi, matapos paulan ng bala ay binaril pa nang malapitan ang nakahandusay nang bangkay ni Rivera.

Bandang alas-5 noong araw ding iyon, malapitan ding binaril sa Malolos City si Federico de Leon, presidente ng Pinakaisang Samahan ng Tsuper at Ope-

rektor Nationwide (Piston-Bulacan) at pinuno ng Anakpawis-Bulacan.

Bago ito, anim nang mga lokal na lider ng mga progresibong organisasyon ang pinaslang ng mga tauhan ni Palparan. Kabilang dito si Florante Collantes, pangkalahatang kalihim ng Bayan Muna-Tarlac na binaril noong Oktubre 15 sa harap ng kanyang tindahan sa Tuec, Tarlac; si Rolando Mariano, *municipal coordinator* ng Bayan Muna-Gerona, na binaril noong Oktubre 16 habang nagmamaneho sa Victoria, Tarlac; si Armando Javier, *municipal coordinator* ng Anakpawis-Cuyapo, na binaril sa harap ng kanyang asawa sa loob ng kanilang bahay sa Cuyapo, Nueva Ecija noong Oktubre 2; si Leodegracio Punzal, lider ng Anakpawis-Bulacan, na binaril habang nagpinta ng kanyang tindahan sa Norzagaray, Bulacan noong Setyembre 12; si Prescilla Esteban na lider ng Anakpawis-Nueva Ecija na dinukot noong Oktubre 2 at natagpuan na lamang na patay sa Guimba, Nueva Ecija noong Oktubre 5; at si Renier Cusio, lider ng mga magsasaka sa Guimba, na dinukot at natagpuang patay sa Cabanatuan City noong Setyembre 13.

Dagdag dito ang anim pang ordinaryong sibilyan na pinaslang ng militar dahil lamang sa kanilang pagtulong sa mga progresibong organisasyon o sa simpleng paghihinlang umuugnay sila sa rebusyonaryong kilusan. Kabilang dito si Roman Friola ng Lupao, Nueva Ecija na binaril noong Setyembre 25 habang nakikipag-usap sa isang pinaghahinalang myembro ng BHB at si Edmer Rufino ng Orani, Bata-

**HUSTISYA PARA SA  
MGA BIKTIMA NG  
PAGLABAG SA  
KARAPATANG-  
TAO!**



## Si Palparan noon

**H**indi na bago ang madugong rekord ni Palparan sa Central Luzon. Bago pa man siya naitalaga sa Southern Tagalog kung saan una siyang tumampok sa buong bansa bilang pangunahing berdugo ng rehimeng Arroyo, nakapaghasik na siya ng lagim sa Central Luzon.

Unang naitalaga si Palparan sa Central Luzon bilang kumander ng 24th IB noong 1987. Mula noon hanggang 1991, walang pakundangan na siyang nandarahas. Maraming paglabag sa karapatang-tao, katulad ng mga iligal na pang-aaresto, detensyon, tortyur, pwersahang pagpapalayas at paninira ng mga buhay ng maraming aktibista at myembro ng mga progresibong organisasyon at gayundin ng mga ordinaryong mamamayan ang naiulat na kakambal ng marami sa mga operasyong militar na isinasagawa ng batalyong pinamunuan niya.

Kilala rin si Palparan bilang tagapagtatag ng mga grupong *vigilante* sa Pampanga, tulad ng Angelo Simbulan Brigade na nakabase noon sa San Fernando at Faustino Sabile Brigade sa Mabalacat. Ang mga *death squad* na ito ang nagsagawa ng mga pananalbeyds, pamamaslang, tortyur at iba pang kahindik-hindik na mga krimen laban sa mamamayan. Kabilang sa kanilang mga biktima ang mga tagapagtanggol ng karapatang-tao tulad nina Atty. Ramos Cura, Dr. Patricio Santiago Jr. at Archie Simbulan, isang Doktor Dabu at mga lider-unyon na sina Raul Quiroz at Simplicio Aninjon. Dalawang aktibista, sina Badjo Conrado at Corazon Lintag, ang dinukot at hindi na kailanman natagpuan.

AB



an na binaril dahil ipinagmaneho niya ang grupo ng KARAPATAN na nagsagawa ng *fact-finding mission* sa Barangay Tala, Orani noong Setyembre 25.

Iniimbestigahan ng KARAPATAN ang pinakahuling serye ng mga paglabag sa karapatang-tao sa Bataan na idinulot ng mga operasyong militar ng mga pwersa ng 24th IB sa lugar.

Nitong mga huling buwan, walang pakundungan ang pandarahas ng 24th IB sa mga residente sa magkakalapit na sityo ng Tala, Orani, Bataan. Aabot sa 30 pamilya ang napilitang lumikas sa Sityo Kinahigan sa Tala, Orani matapos sunud-sunod na paslangin ang kanilang mga kababaryo. Ilang araw bago ito, binantaan na sila ng mga pwersa ng 24th IB na marami sa

kanila ay nasa listahan ng mga patayin.

Kabilang sa mga pinaslang si Jose Levimar Rieza na binaril habang mahimbing na natutulog noong Setyembre 24 dahil lamang sa paghihinalang tagasuporta ng BHB ang kanyang ama. Gayundin, dinukot at pinaslang sina Mario Tuvera, Tomas Paras at dalawa pang minor yang Aeta.

AB

## Ang kampanyang saywar sa Aurora

**M**aring pinabulaanan ng Domingo Erlano Com-mand ng Bagong Hukbong Bayan-Aurora ang ipinagyayabang ng 48th IB na pagkakakubkob umano ng isang malaking kampo ng BHB sa Sityo Alasanay, Barangay Dimanayat sa San Luis, Aurora noong Setyembre 28. Ayon sa gawa-gawang kwento ng hepe nitong si Col. Joselito Kakilala, isang platun daw ng mga Pulang mandirigma ang napaatras ng mga pwersa ng 48th IB nang pasukin nila ang kampo. Umabot umano sa limang oras ang labanan kung saan tatlo ang napatay sa mga mandirigma. Nakakumpiska umano ang AFP ng marami-raming gamit-militar. Mahigit dalawang linggo pang itinuluy-tuloy ng AFP ang palabas na "pagtugis" nila sa "natitirang

mga gerilya sa lugar."


Bukod sa mga pwersa ng 48th IB, umeksena rin sa palabas ang 71st Recon Coy at mga pwersang pang-himpapawid. Dinirihe ni Brig. Gen. Jovito Palparan, bagong talagang hepe ng 7th ID, ang malawak na palabas sa Aurora.

Sinaklaw ng mga pwersang ito ang mahigit 10 sa mga baryo ng San Luis at Baler. Nagsagawa ng aktwal na mga pambobomba at istraping sa mga baryong ito ang mga pwersa ng AFP. Pero ang mga kwento tungkol sa mga sagupaan ay pawang imbento lamang.

Ang diumanoy' pinasok nilang kampo sa Alasanay ay mahigit isang taon nang hindi tinatauhan at wala silang nasamsam mula rito kundi mga sira-sira at lumang kagamitan. Ang pinalabas nilang kwento tungkol sa diumanong engkwentro ay bahagi lamang ng pangangatwiran ng militar upang ibayo pang imilitarisa ang lugar.

Sa buong panahon ng pagsasadulang ito, naghari-harian ang 48th IB sa lugar. Mahigpit nilang pinagbawalan ang mga residente ng magkakanugnog na baryo na lumabas sa kani-kanilang mga tahanan. Ipinatigil ang byahe ng mga bangka na nagdadala ng mga produkto palabas at papasok sa mga baryo. Ipinagbawal maging ang pagpunta ng mga magsasaka sa kanilang mga kaingin. Sinunog ang mga kubo ng mga magyayantok sa kalapit na mga gubat. Mahigit 1,400 pamilya ang dumanas ng matinding gutom dahil sa paghihigpit na ito.

Nagtayo ang AFP ng mga tsekpoyn sa mga pangunahing lansangan at sa sentro ng mga bayan. Binalewala ng AFP ang awtoridad ng lokal na gubyerno at mahigpit na minanmanan ang kilos ng mga lokal na upisyal at mga grupong nagtatanggol ng karapatang-



tao sa mga baryo. Pinagbantaan nila ang pumasok na Peace Mission na binubuo ng mga taong-simbahang at tagapaghahid ng mga unang-lunas.

Pilit ding idinawit ng 48th IB si Rep. Satur Ocampo at iba pang kilalang lider ng mga progresibong organisasyon sa prubinsya sa pabalas na sagupaan. Pinalabas nilang may natagpuang mga sulat sa kampo kung saan isang "Ka Satur" ang

nagbigay umano ng ₱5 milyong pambili ng gamit pampasabog. Gagamitin umano ang mga bomba para maghasik ng lagim ang BHB sa Metro Manila sa kasagsagan ng mga pagkilos laban kay Arroyo.

Hindi na bago ang mga karahasan ng 48th IB sa mamamayan ng Aurora. Hindi mabubura sa kani-lang alaala ang pagdukot at brutal na pagpatay kina Cocoy Verances at Crispin Amazona at ang pagka-

wala ni Esteban Pastor—pawang mga ordinaryong sibilyan na inakusahang may kinalaman sa rebolusyonaryong kilusan. Marami pang ibang kaso ng pananakit at pananakot sa mga sibilyan at pwersahang pagpapasuko sa mga sibilyang pinagbintangang mga kasapi ng BHB. Dinagdagan na lamang ngayon ng AFP ang mga karahasan ng ito ng maraming nilubid na kwento at magarborg saywar. **AB**

## Panagutin ang imperialismong US!

**I**nulan ng matitinding batikos mula sa iba't ibang sektor ang ginawang kahayupan ng limang Amerikanong sundalo sa isang Pilipina sa Olongapo City noong Nobyembre 1. Tumestigo mismo ang drayber ng kanilang inarkilang *van* sa ginawang panggagahasa ng isa sa mga sundalo habang naghihiyawan ang iba pa. Nasaksihan din niya kung papaano basta-basta na lamang itinapon ng mga sundalo ang biktima sa tabi ng daan. Agad-agad, itinago ng mga upisyal ng embahada ng US ang limang sundalo at napabaligtad ang drayber sa kanyang unang pahayag. Patuloy din nilang itinutulak ang biktima na pumayag na lamang sa areglo. Samantala, lumalaki ang posibilidad na mabalewala lamang ang kaso dahil nag-astang interesado sa paghahabol ng hustisya ang papet na rehimeng Arroyo pero kasabay nito'y ipinagtatanggol ang presensya ng militar ng US sa bansa. Kalahok sa nagaganap na pinagsanib na pagsasanay-militar sa ilalim ng Balikatan 2005 ang limang sundalong Amerikano.

Isa lamang ang kasong ito sa karumal-dumal na mga krimen ng mga sundalong Amerikano laban sa mamamayang Pilipino. Noong 1987, ginahasa at walang awang nilapastangan ni Heinrich Ritter, isang Amerikanong sundalo na nakaistasyon noon sa base militar ng US sa Subic, ang 12-taong gulang na si Rosario Burgos Baluyot sa Olongapo City. Sa halip na parangutin sa krimen, dali-daling inilabas ng mga upisyal na Amerikano ang naturang sundalo. Matapos ang ilang araw, namatay si Rosario mula sa grabeng impeksyon. Bago ibasura ng Senado ang Military Bases Agreement (MBA) noong 1991, umabot na sa 82 ang mga kaso ng sekswal na pang-aabuso ng mga sundalong Amerikano laban sa kababaihang edad 16 pataas. May 15 kaso rin ng panggagahasa sa mga bata.

Kasabay ng pagbatikos sa mga krimeng ito, marin ding kinukundena ng mamamayang Pilipino ang papet



na rehimeng Arroyo at mga nauna pang rehimen sa pagpapahintulot nito sa presensya ng mga tropang Amerikano na tahasang lumalapastangan sa soberanya ng bansa. Katulad sa iba pang bahagi ng mundo, pagliang kakambal ng presensya ng mga tropang Amerikano ang samutsaring mga krimen at paglabag sa mga karapatang-tao.

Simula't sapul, ipanapanawagan na ng mamamayan ang pagbabasura sa lahat ng mga kasunduang nagpapahintulot sa presensya ng mga tropang Amerikano sa bansa. Pinakahuli na rito ang Visiting Forces Agreement (VFA) na nagpapahintulot sa pagpasok at paglabas ng mga armadong pwersa ng US saan mang bahagi ng Pilipinas. Ibinukas nito sa armadong interbensiyan ng mga tropang Amerikano ang lahat ng sulok ng bansa at binigyang-laya nito ang mga sundalong Amerikano na walang pakundangang labagin

ang mga karapatang-tao ng mamamayan. Sa ilalim ng VFA, maaaring piliin ng reaksyunaryong gubyerno na umatras sa pag-usig at paglilitis sa sinumang Amerikanong sundalo na lumabag sa anumang batas ng bansa.

Noong 2002, naghapag ng reklamo ang mga progresibong organisasyon at partido kaugnay ng panghihimasok at pang-aabuso ng mga tropang Amerikano sa Basilan—ang tinaguriang "pangalawang prente ng terorismo" ng imperyalismong US. Kinundena ng Bayan Muna ang pagbaril ng isang sundalang Amerikano kay Buyong-buyong Isnijal sa kanyang bahay sa Basilan noong Hulyo 24, 2002. Sumama ang naturang Amerikano sa isinasagawang operasyong pagtugis ng mga sundalang Pilipino—na isa ring paglabag sa mga probisyon ng VFA na nagbabawal sa presensya ng mga tropang Amerikano sa operasyong militar ng AFP.

Sa taon ding iyon, inihapag ng itinayong VFA Commission sa Kongreso ang mga kaso ng paglabag sa

karapatang-tao sa panahon ng mga pagsasanay. Inilulat nito ang pwersahang ebakwasyon ng mga minor yang Aeta dulot ng walang pakundangang pambobomba sa kanilang mga komunidad sa panahon ng pagsasanay.

Gayundin, nailat ang mga kasong kinasasangkutan ng mga sundalang Amerikano tulad ng pambubugbog sa isang drayber ng taksi sa Cebu, ang pagpatay sa isang mangingisda sa Zambales at pagpapasabog ng bomba na ikinasawi ng ilang kabataan sa Cebu.

Makailang beses ding nagsagawa ng unilateral na mga pagsasanay-militar ang mga sundalang Amerikano—labag sa probisyon sa VFA na dapat palagiang kasa sa ang mga sundalang Pilipino sa mga "pagsasanay".

Mahaba na ang madugong rekord ng panghihimasok at paghahari-harian ng mga tropang Amerikano sa bansa. Marapat lamang na patuloy na ibunyag ang mga paglabag sa soberanya at mga krimen na ibinubunga ng kanilang presensya.

AB

### Expanded Value-Added Tax

## Dagdag pahirap, dagdag na laban

**I**pinutupad ang RA 9337 o ang VAT Reform Act nitong Nobyembre 1. Pinal na pinagtibay nitong Oktubre 18 ng Korte Suprema sa botong 15-0 na naaayon sa konstitusyon ang batas na ito.

Taliwas sa mga pambobola ng Malakanyang, walang ibang idulot ang bagong batas na ito kundi ang dagdag na pasakit sa mamamayan lubog na lubog sa matinding krisis. Malaking karagdagang pabigat ito sa mamamayan tinatamaan na ng tuluy-tuloy na pagtaas ng presyo ng mga pangunahing bilihin at serbisyo kahit wala pa ang bagong VAT.

Pinalawak ang saklaw ng mga produktong papatawan ng 10% VAT sa ilalim ng RA 9337. Isinama ang kuryente, mga produktong petrolyo, pamahe sa mga eroplano at barko at serbisyon medikal at ligal.

**Dagdag presyo, dagdag pahirap.** Dahil sa 10% VAT, itinaas ng Meralco nang 58 sentimos kada ki-


*lowatt-hour* (kWh) o ₱118.44 ang singil sa kuryente para sa mga kumukonsumo ng 200 kWh sa isang buwan. Samantala, itinaas ang singil sa komukonsumo ng 1 kWh hanggang 50 kWh kada buwan nang ₱13.74. May ₱25.75 dagdag naman para sa mga komukonsumo ng 70 kWh, at ₱46 dagdag para sa umaabot sa 100kWh. Ipatutupad na ito kaagad ngayong Nobyembre, bagamat sa pagbabayad pa nila sa Disyembre makikita mula sa resibo ng mga kumukonsumo kung magkano ang aktwal na itinaas ng singil at kung papaano ito kinalkula.

Tataas nang 93 sentimo kada

litro ang presyo ng *diesel* habang ang *unleaded gasoline* naman ay tataas nang tumatagting na ₱3.40 bawat litro. (Wala pa rito ang sinasabi ng mga kumpanya ng langis na ₱2.50 kada litro sa paghahabol nila sa umanong nabawas sa kita nila sa nakaraan).

Umaabot na sa ₱486 hanggang ₱510 bawat 11-kilong tangke ang presyo ng *liquefied petroleum gas* (LPG). Mahigit ₱100 ang nadagdag sa dating presyo nito.

Para kunwa'y mabawasan ang





## 26 na armas nasamsam, 28 armadong elemento napatay sa mga opensiba sa Mindanao

epekto ng VAT sa presyo ng mga produktong petrolyo, naglabas ang Malakanyang ng Executive Order 440 na nagbababa ng taripa at *excise tax* para sa importasyon ng mga produktong ito. Pero ang lahat ng mga ito ay babawas lamang sa buwis na binabayaran ng mga kumpanya sa langis at sa gayo'y magpapalaki lamang ng kanilang kita. Tiyak na walang kahit isang sentimo mula sa mga ito ang babalik para magbigay ng anumang pakinabang sa mamamayan.

Tumaas na rin ang presyo ng ilang pagkain at inumin tulad ng kape, inuming tsokolate, asukal, gulay, biskvit at iba pa.

Tataas din ang pasahe sa ero-plano at mga barko at tumaas na nga ang pasahe sa ilang byahe ng bus. Gayundin, maniningil ng kara-dagdag halaga ang mga ospital at ang mga doktor, abugado at iba pang propesyunal.

Pagkapinal ng Korte Suprema sa RA 9337, hayok na hayok at kaagad na nagpahayag ng mas mataas na singil ang North Luzon Expressway (Nlex), Manila-Cavite Coastal Road, South Luzon Expressway (Slex), Skyway at ang Southern Tagalog Arterial Road (Star).

**Mga pambobola.** Kung anuanong paliwanag ang hinahabi ng administrasyon upang linlangin ang mamamayan sa magaganda umanong idudulot ng EVAT. Narinayang sabihing mabubura nito ang depisit sa badyet ng pamahalaan pagdating ng 2008. Sinasabi ring matutulungan nitong punan ang mahigit ₱1 trilyong badyet para sa 2006 at mapupunta umano ang ₱15 bilyon para sa sweldo ng mga kawani ng gobyerno. Dagdag pa, magagamit umano ang buwis para sa modernisasyon ng agrikultura, pagpapatayo ng infrastruktura at pagbibigay ng mga serbisyo ng panlipunan.

Taliwas sa itinatambol ng rehimen na pakikinabangan ng mama-

DALAWAMPU'T anim na armas, kabilang ang 23 malalakas na riple ang nakumpiska at 28 armadong elemento ang napatay sa 41 taktikal na opensiba ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) sa Mindanao mula Setyembre 20 hanggang Oktubre 30. Tatlumpu't isang sundalo rin ang nasugatan sa mga sagupaang ito. Isa ring elemento ng CAFGU ang dinakip ng BHB sa panahon ng labanan subalit agad ring pinakawalan. Sa kabilang banda, dalawang Pulang mandirigma ang nagbuwis ng buhay at pito ang nasugatan.

Pinakahuli sa mga opensiba ng BHB ang pagpapasabog sa dalawang siksbya na trak na may lulang humigit-kumulang 20 sundalo ng 36th IB sa Sityo Sian, Barangay Maharlika, Bislig City bandang alas-6:30 ng umaga noong Oktubre 30. Dalawang sundalo ang napatay at

*Sundan sa "Matatagumpay...," pahina 13*

mayan ang makokolektang VAT, ang dagdag buwis na ito ay utos ng mga imperyalistang institusyon pangunahan na para matiyak na mababayaran ang mga utang ng gobyerno sa mga pandaigdigang bangko. Pinaglalaway ng World Bank si Arroyo sa pangakong \$1.8 bilyon na pautang kapalit ng implementasyon ng VAT. Inutusan ang rehimen ng mga internasyunal na institusyon pinakakautangan ng bansa na ipatupad ang VAT upang tuluy-tuloy na payagang makapangutang ang gobyerno ng Pilipinas.

Ang dagdag na kita mula sa VAT ang siya ring panggagalingan ng malaking pondong gagamitin ni Arroyo para sa kanyang pangungunayapit sa poder sa pamamagitan ng mga pampolitikang maniobra, paniniktitik at pagpapakana sa kanyang mga kalaban, paglalangis sa kanyang mga alyado at panunuhol sa iba pang maaakit na kumampi sa kanya. Sa 2006, sa kabuuang humigit-kumulang ₱1 trilyong panukalang badyet, mahigit ₱234 bilyon sa anyo ng mga "pork barrel" ng Malakanyang at mga lokal na gobyerno at iba pang pakanang direktang hahawakan ng Malakanyang

ang magagamit ni Arroyo. Bukod pa ito sa mga pondo ng PAGCOR, PCSO at iba pang malalaking pondong hawak din ng Malakanyang labas sa pambansang badyet.

Nakakagalit ang mga panlilinlang ng rehimen. Sinusubukan nitong lokohin ang mamamayan Alam na alam kung gaano sila pinahihirapan ng mga patakaran sa ekonomya ng pangulo. Sinusubkang mapaniwala ng pangulo ang mamamayan sa kabilang patungpatong na kasalanan niya, kabilang ang pagwawaldas sa kaban ng bayan para sa eleksyon at iba pang kaso ng korapsyon.

**Dagdag na laban.** Karagdagan ang VAT ni Arroyo sa mahabang listahan ng mga dahilan upang siya ay patalsikin sa poder. Walang ibang ginagawa si Arroyo sa kanyang panunungkulan kundi ang la-long ilubog ang pamumuhay ng mamamayan. Wala siyang inatupag kundi ang kapakinabangan niya, ng kanyang mga kasapakat at ng kanyang mga imperyalistang amo. Nararapat ang pagkakaisa ng mamamayan at pagpupursige nila sa kanilang mga pagkilos upang mapatalsik na si Arroyo sa pwesto. **AB**

apat na tropa ang nasugatan, ayon sa panimulang mga ulat. Ayon sa Northeastern Mindanao Regional Operational Command, ang pagpapasabog ay naganap dalawang kilometro lamang mula sa *company headquarters* ng 36th IB sa Scaling Station, PICOP, Bislig City.

Bago ito, karereyd din lang ng BHB sa detatsment ng Philippine Army at CAFGU sa Sityo Tandawan, Bigaan, Hinatuan, Surigao del Sur noong Oktubre 28. Nagapi ng mga Pulang mandirigma ang detatsment matapos ang isang oras na labanan at nakumpiska ang tatlong M14, dalawang Garand, 492 bala na iba't iba ang kalibre, isang granada, 11 pak, walang uniporme, 12 pares ng bota, anim na magasin para sa M14 at 19 na Garand *clips*.

Sa isang pahayag, sinabi ni Jorge "Ka Oris" Madlos, tagapagsalita ng National Democratic Front-Mindanao, na kabilang sa layunin ng mga pinakahuling taktikal na opensiba ng BHB ang pagpapahina sa armadong lakas ng reaksyunaryong gubyerno at pagpapalakas sa Pulang hukbo. Sa 43 labanan na nangyari sa Mindanao sa huling limang linggo, 41 ang inisyatiba ng BHB at dadalawa lamang ang inisyatiba ng AFP, PNP at CAFGU. **AB**

## 5 malalakas na armas nakumpiska mula sa nalipol na pangkat ng RPA

LIMANG malalakas na armas ang nakumpiska at apat na elemento ng bandidong Revolutionary Proletarian Army (RPA) ang napatay noong hapon ng Nobyembre 1 nang salakayin sila ng lima-kataong tim ng mga partisano ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) sa Sityo Camachili, Barangay Dolis, Calatrava, Negros Occidental. Kasama sa mga napatay ang lider ng pangkat na si Eleuterio Lumanat alyas Ongkoy. Isa pang elemento ng RPA ang malubhang nasugatan.

Nakumpisa sa mga myembro ng RPA ang dalawang M16, isang M14, isang Garand, isang M203 *grenade launcher* at mga bala. Kasalukuyang nag-iinuman ang mga myembro ng RHB nang sila'y salakayin.

Ang RPA, na itinatag ni Arturo Tabara, ay bandidong grupong nagpapanggap na rebolusyonaryo at nagbebenta ng kanilang serbisyo bilang mga mamamatay-tao at armadong *goons* para sa malalaking kumprador at panginoong maylupa tulad ni Eduardo "Danding" Cojuangco. Sumuko at nakipagkasundo ang RPA sa pamahalaang Estrada noong Disyembre 2000 at mula noon ay masigasig na silang kaagapay ng militar at pulisia sa mga kampanya laban sa mga rebolusyonaryong pwersa. Sangkot ang mga tauhan ng RPA sa maraming kaso ng pagpatay, panghoholdap at panggagahasa. **AB**

## "Caravan para sa katarungan" inilunsad sa Panay

ISANG Luksang Bayan o "caravan para sa katarungan" ang inilunsad noong Oktubre 29-30 sa buong Panay sa pamumuno ng Panay Alliance-Karapatan at ng Mothers and Relatives Against Tyranny (Martyr). Layunin ng *caravan* na bigyang-parangal ang mga taga-Panay na namatay sa pakikibaka para sa kalayaan mula noong diktadurang US-Marcos hanggang sa kasalukuyang rehimeng Arroyo.

Tumulak ang *caravan* noong Oktubre 29 mula sa Iloilo City at tumigil sa Belison, Antique; sa Kalibo, Aklan; at Roxas City sa Capiz kung saan sinalihan ito ng mga kamag-anak at kaibigan ng mga pinarangalang martir. Nagtagpos ang *caravan* noong Oktubre 30 sa pamamagitan ng pagtatatanghal ng programa sa Plaza Libertad sa pinagmulan nitong syudad ng Iloilo.

Pinarangalan ng Luksang Bayan ang halos 400 bayani at martir ng Panay. Ilan sa kanila ang lider magsasaka na si Valeriano Caro, ang antipasistang lider na si Evelio Javier, ang makata at kompositor na si Jose Percival Estocada Jr. at ang dating pangulo ng College Editors Guild of the Philippines na si Antonio Tagamolila.


Sa gitna ng paggugunita ng Luksang Bayan sa kagitingan at walang pag-iimbot na sakripisyo ng mga martir, mariin ding kinundena ng Panay Alliance-Karapatan ang walang habas na pamamaslang sa mga progresibong lider at aktibista sa Central Luzon. Kanila ring tinalakay ang pang-aapi at panunupil ng rehimeng Arroyo sa malawak na mamamayan at ipinanawagan ang pagpapatalsik nito sa poder.

Ang Luksang Bayan, na idinaraos tauntaon, ay nagsimula noong huling mga taon ng diktadurang Marcos sa layuning igiit ang katarungan para sa mga biktima ng pananalbeyds ng reaksyunaryong militar. Ayon sa Martyr, sa pag-iikot ng *caravan* ay nauugnayan ang mga kamag-anak ng mga bayani at martir sa iba't ibang lugar sa Panay at sa mamamayan sa pangkabuuan. Isang monumentong nagsisilbing bantayog sa kabayanihan ng mga martir ang itinayo sa Plaza Libertad noong nakaraang taon. **AB**

## France, niyayanig ng rebelyon ng kabataan

HALOS dalawang linggo nang naga-ganap ang ispontanyong rebelyon ng kabataan sa magkakanugnog na komunidad sa paligid ng syudad ng Paris, kabisera ng France. Ilang milya lamang mula sa lansangang pumapalibot sa syudad, sumabog at patuloy na kumakalat ang galit ng kabataang malaon nang binabalewala at pinag-kakaitan ng mga karapatan at serbisyo ng gubyernong France.

Naging mitsa ng matitindi at tuluy-tuloy na rebelyon ng mga kabataan dito ang pagkakakuryente at pagkamatay noong Oktubre 27 ng dalawang tinedyer na edad 15 at 17 anyos. Nagtago ang dalawa sa isang *power plant* dahil sa takot nila sa mga pulis na tumutugis sa kanila. Nagsimula ang pag-aalsa sa Clichy-sous-Bois,



isang komunidad sa Paris kung saan mayorya ng mga residente ay mga migrante mula sa North at Central Africa. Mabilis na kumalat ang rebelyon at karahasan sa mga katulad na komunidad sa hilaga, timog at silangan ng Paris.

Sa mga komunidad na ito nakakonsentra ang daan-daang libong migranteng manggagawa at kanilang mga pamilya. Isinisiksik sila ng gubvernong France sa masisikip sa lugar na labas sa mga syudad; pinatitira sa mga sira-sirang bahay at gusali; inaapi, tinatratong di-kapantay at pinababayaan sa pangkalahatan. Dito ay umaabot sa 20% ang pangkalahatang tantos ng disemployo—mahigit doble sa pambansang abereyds na 9.8%. Mas mataas din (mahigit 30%) ang tantos ng kawalang trabaho ng mga anak ng mga migrante na may edad 21-29 kumpara sa 23% pambansang abe-

reyds. Para sa mga may trabaho, mas mababa nang 75% ang kanilang natataggap na sahod.

Lalo lamang tumindi ang kumukulang galit ng mga kabataang migrante nang sa halip na harapin ang kanilang mga hinaing ay binansagan at itinuring silang "basura" ng gubyernong French at tinambakan ng ilang libong pulis ang kanilang mga komunidad. Bago pa man ang kanilang pag-aalsa, ipinatupad na ng Interior Minister ng France na si Nikolas Sarkozy ang kamay na bakal sa naturang mga komunidad sa ngalan ng kampanya laban sa krimen.

Tanda ng kanilang galit, paparaming grupo ng mga kabataan ang nagsasagawa gabi-gabi ng panunu-nog ng mga sasakyen, pabrika, eskwelahan at iba pang mga gusali. Sa pinakahulang ulat, bukod sa mga gusali ay halos 5,000 nang sasayan ang kanilang sinunog. Sa kabilang banda, umaabot na sa 1,200 kabataan ang inaresto ng mga pulis.

AB

## Bush, bigo na itatag ang pinakamalaking "free trade zone"

NABIGO si US President George W. Bush na itatag ang Free Trade Area of the Americas (FTAA) sa Caribbean at Latin America sa gitna ng maring pagtanggi ng ilang susing lider at laganap na protesta ng mamamayan sa rehiyon laban dito. Itinulak ni Bush ang FTAA sa Summit of the Americas na ginanap sa Mar del Plata, Argentina nitong Nobyembre 4 at 5.

Ayon sa mga lider ng Brazil, Venezuela at iba pang tumututol na bansa, ibubukas lamang ng FTAA ang kanilang mga ekonomya sa walang pakundangang pandarambong ng mga monopolyong korporasyong Amerikano. Gayundin, patitindihin lamang nito ang dinaranas na laganap na kahirapan sa kani-kanilang mga bansa. Kapalit ng FTAA, mas pinapaboran ng naturang mga lider ang pagtatatag ng "sona ng kalakalan" sa rehiyon na mayroong mga "katangiang sosyalista" na magtitiyak ng kagalingan ng lahat ng kala-

hok na bansa.

Kasabay ng Summit of the Americas ni Bush, nagsunsad ang mamamayan ng Latin America ng alternatibong People's Summit mula Nobyembre 1-5. Aabot sa 600 organisasyon at mga kilusan ang lumahok sa People's Summit. Maring tinuligsa ng mga delegado nito ang mga imperialistang patakaran ni Bush at hinikayat ang kanilang mga lider na tanggihan ang mga dikta ng imperialistang US.

Sinalubong nila ng protesta si Bush pagdating niya sa Argentina noong Nobyembre 4. Umabot sa 20,000 Argentinian ang dumagsa sa mga lansangan, nagsunog ng mga bandila ng US at nanawagan laban sa mga patakaran "globalisasyon" at mga gerang agresyon ng imperialismong US. Kasabay nito, nagkaroon din ng mga protesta sa Brazil, Venezuela at Uruguay.

AB



*Editoryal*


## Sino ang tunay na terorista?

**G**aano pa man nito baluktutin ang katotohanan ng at ipagpilitang tawaging "terorista" ang rebolusyonaryong kilusan sa Pilipinas, nagdudumilat ang katotohanan na mismong ang rehimeng Arroyo at ang mga pasistang tropa nito ang pinakamalalaking terorista sa Pilipinas, at ang amo nitong gubernong Bush ang numero unong terorista sa buong mundo.

Nito lamang huling linggo ng Setyembre, di baba sa 1,400 pamilya ang sapilitang napalikas mula sa

iba't ibang baryo ng San Luis, Aurora dahil sa walang pakundangang pambombombang AFP. Pinalalabas ng AFP na may tinutugis silang "natitirang mga gerilya" mula sa isang nakasagupa at malubhang napinsalaang platun ng BHB sa lugar. Malinaw na walang ibang pakay ang operasyong militar kundi sindakin ang mga sibilyan sa lugar dahil wala ni isang sagupaang naganap sa pagitan ng militar at BHB.

Sa Central Luzon, 19 na progresibong lider at mga aktibista na ang pinapaslang ng mga armadong pwer-



***Mga tampok sa  
isyung ito...***

**Lalong pagkaligalig at  
paniniil ng rehimeng  
Arroyo**  
PAHINA 3

**Paglaban kay Palparan  
ng masa sa Eastern  
Visayas**  
PAHINA 5

**Ang pahirap na  
Expanded Value-Added  
Tax**  
PAHINA 11

## Mga instruksyon sa paglilimbag

- 1.** Ang **sinundang pahina**, na eksaktong kopya ng pahina 1 maliban sa mas mapusyaw ang *masthead* o *logo* ay para sa mga gumagamit ng *mimeo machine* o naglilimbag sa paraang *v-type*. Idinisenyo ito para hindi madaling makasira ng istensil.
- 2.** Pag-print sa istensil:
  - a) Sa *print dialog*, i-check ang **Print as image**
  - b) Alisin ang *check* sa **Shrink oversized pages to paper size**
  - c) I-click ang **Properties**
  - d) I-click ang **Advanced**
  - e) Tiyaking naka-set sa **100%** ang **Scaling**
  - f) Ituloy ang pag-print
- 3.** Hinhikayat ang mga kasama na ipaabot sa patnugutan ng *AB* ang anumang problema kaugnay ng paglilimbag sa pamamagitan ng *v-type*. Magpadala ng *email* sa [angbayan@yahoo.com](mailto:angbayan@yahoo.com)